Walang isa mang bumati ng pangangalaga sa akin malibang nagbabalik si Allāh sa akin ng kaluluwa ko hanggang sa magbalik ako sa kanya ng pagbati ng pangangalaga."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Walang isa mang bumati ng pangangalaga sa akin malibang nagbabalik si Allāh sa akin ng kaluluwa ko hanggang sa magbalik ako sa kanya ng pagbati ng pangangalaga."}

[Ang Isnād nito ay maganda] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud at Imām Aḥmad]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ibinabalik sa kanya ang kaluluwa niya upang magbalik siya ng pagbati ng pangangalaga sa bawat sinumang bumati sa kanya maging ito man ay malapit o malayo. Ang buhay sa Barzakh at mga libingan ay isang bagay na pangnakalingid, na walang nakaaalam sa reyalidad nito kundi si Allāh. Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6222